

# IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG TUNGKOL SA FLORIDA CELLA

## ANO ANG CELLA?

CELLA, ang Komprehensibong Pagtatasa ng Karunungan sa Wikang Ingles [Comprehensive English Language Learning Assessment], ay isang pagsusulit para sa mga mag-aaral ng Florida na mga tinaguriang Mag-aaral ng Wikang Ingles [English Language Learners] (ELLs). Sinusukat ng CELLA ang pag-unlad ng kakayahan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat sa wikang Ingles.

## MAY APAT (4) NA ANTAS ANG CELLA:

Antas A para sa mga K-ika 2 baytang,  
Antas B para sa mga ika 3-5 baytang,  
Antas C para sa mga ika 6-8 baytang, at  
Antas D para sa mga ika 9-12 baytang.

## GAANO KADALAS KINUKUHA ANG CELLA NG MGA ELLS?

Kinukuha ng ELLs ang CELLA taon-taon hanggang matagurian silang sanay sa Ingles.

## PAANO IBINIBIGAY ANG PAGSUSULIT?

Ibinibigay sa mga mag-aaral ng kindergarten ang apat na bahagi ng pagsasanay, isa't-isa kasama ang guro. Kinukuha ng mga mag-aaral sa ika 1-12 baytang ang pagsasalitang bahagi ng pagsasanay isa't-isa kasama ang guro; ang bahaging pakikinig, pagbasa, at pagsulat naman ay ibinibigay bilang pang-grupo.

## PAANO GINAGAMIT ANG MGA MARKA SA CELLA?

Ang mga marka sa pagsusulit ng CELLA ay

- nagbibigay ng impormasyon sa mga guro at magulang kung gaano lumalawak ang kaalaman ng mag-aaral sa wikang Ingles. Ginagamit ito ng guro upang mapasiya kung handa na ang mag-aaral magtapos sa programang Ingles para sa Mga Mananalita ng Ibang Wika [English for Speakers of Other Languages] (ESOL).
- nagbibigay ng impormasyon kung gaano natutugunan ng mga paaralan at paaralang distrito ang mga pangangailangan ng ELLs.
- nagbibigay ng impormasyon sa publiko at mga ahensiyang pang-edukasyon tungkol sa kasanayang Ingles ng ELLs at ang kanilang pag-unlad sa bawat taon ng pag-aaral.

## MGA PAYO SA INYONG ANAK PARA SA PAGHAHANDA SA CELLA

Natututo masanay ang inyong anak sa wikang Ingles araw-araw. Heto and ilang mga payo para sa pagtulong sa inyong anak mas matuto, at para matulungan ang inyong anak sa araw ng pagsusulit ng CELLA.

## PANG ARAW-ARAW NA MGA PAYO

1. Siguraduhing regular na pumasok ang inyong anak sa paaralan. Kapag mas madalas nasa paaralan ang inyong anak, mas maaari siyang makabuti sa mga pagsusulit.
2. Hikayatin ang pag-aral ng Ingles ng inyong anak at ng bawat paksang pinag-aaralan niya sa paaralan. Kapag sinusuportahan siya ng kanyang pamilya, mas matututo ang mag-aaral at mas makatataas sa kanyang mga pagsusulit.
3. Hikayatin ang inyong anak na kumain ng tama. Kung malusog at hindi sakitin ang bata, handa siyang magsumikap at matuto sa paaralan.
4. Siguraduhing gabi-gabi ginagawa ng inyong anak ang kanyang takdang-aralin. Sumusuporta ang takdang-aralin sa pagtuto sa silid-aralan at makapagbibigay ito ng karagdagang pagsasanay sa inyong anak sa wikang Ingles.
5. Hikayatin ang inyong anak na magsalita, bumasa, at sumulat sa kanyang minanang wika. Ang mga kakayahang kinakailangan upang bumuti sa isang wika ay maipapasa sa iba, na magresulta sa karagdagang pag-uunawa at tagumpay na pang-akademiko sa Ingles.
6. Makipagkita nang madalas sa guro ng inyong anak upang matalakay ang kanyang pagtuto. Dapat magtulungan ang mga magulang at guro para sa mag-aaral.
7. Siguraduhin nakapagpapahinga ang inyong anak araw-araw. Mahihirapan siyang makinig sa klase at sa mga pagsusulit kung pagod.

## MAKIPAG-UGNAYAN SA PAARALAN NG INYONG ANAK KUNG KAYO AY MAY IBANG KATANUNGAN TUNGKOL SA CELLA.

1. Siguraduhing nakapagpahinga at nakakain ng masustansiyang almusal ang inyong anak.
2. Siguraduhing komportable ang suot ng inyong anak, at maaga siyang dumating sa paaralan.
3. Kung nagsasalamin o may hearing aid ang inyong anak, ipaalala na gamitin niya ito sa araw ng pagsasanay.
4. Kung may kakaibang pangangailangan sa pagkuha ng pagsasanay ang inyong anak (halimbawa, pagtanggap ng bersiyong malalaking titik ng pagsasanay), siguraduhing matatanggap niya ang mga ito.
5. Sa wakas, himukin ang inyong anak na magpahinga. Ang sobrang pagpapahalaga sa mga marka ng pagsusulit ay maaaring magpanerbiyos sa mga bata, kung saan mas mahihirapan silang gawin ang pinakamahusay nila sa pagsusulit.

Makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong anak kung kayo ay may ibang katanungan tungkol sa CELLA.



QAI12801